

Wala ka bang natatanggap na rental income pero mga utang na bayarin pa rin? May makakatulong

Dahil sa COVID-19 pandemic, maraming mga landlord ay hindi nakakatanggap ng sapat na rental income at nahihirapang sustentuhin ang sarili. Maaaring makatulong ang mga Rental assistance programs sa inyo at sa mga umuupa sa inyo upang mabayaran ang mga utang sa renta dulot ng COVID-19 pandemic.

Namahagi ng bilyun-bilyong dolyar ang U.S. Treasury Department para sa mga ahensya ng gobyerno sa lebel ng state, local, at tribal upang makapagbigay ng ayudang pang-emerhensiya sa pambayad ng upa para sa mga kwalipikadong mga pamilya. Ang ayudang ito ay ipinapamahagi ng mga state at local government.

Ikonsidera ang gastos ng ebiksyon

Maaaring mahirap at magastos ang ebiksyon para sa parehong may-ari at umuupa. Maaaring mas mainam na makipag-ugnayan sa mga nangungupahan sa inyo at magkasundo sa isang plano para sa pagbayad na utang na renta. Kausapin muna ang mga nangungupahan sa inyo tungkol sa mga alternatibo sa ebiksyon.



Samantalahin ang mga programa para sa rental assistance

Ang pamamahagi ng ayuda ay depende sa partikular na programang inilunsad ng bawat state, local, o tribal na ahensya ng gobyerno. Posibleng makapag-apply ka mismo para sa ayuda sa rentang hindi nabayaran ng umuupa sa inyo. May ibang programa na kinakailangang ang nagungupahan ang mag-apply; kung gayon, maaaring kailanganin pa rin ang tulong ninyo sa pagkumpleto ng aplikasyon.

Ang emerhensiyang tulong sa renta ay maaaring makatulong sa mga kwalipikadong indibidwal para sa hindi nabayarang renta at utilities dulot ng COVID-19 pandemic, depende sa lokal na

programa. Maaari ring makatanggap ng ayuda sa haharaping bayad sa renta hanggang sa tatlong susunod na buwan.

Masugid na nakikipag-ugnayan ang mga lokal na programa sa mga may-ari ng lupa at kanilang mga komunidad. May mga kondisyon ang bawat rental assistance program, at kailangang kontakin ng mga landlord at kanilang mga nangungupahan ang programa sa kanila para makapagsimula ng aplikasyon. Hanapin ang mga programa sa inyong lugar sa cfpb.gov/govassist.

Pansamantalang ihinto ang inyong bayad sa mortgage gamit ang forbearance

Kung nahihirapan kang bayarin ang inyong mortgage dahil sa COVID-19 pandemic, agad-agaring kontakin ang inyong mortgage servicer. Maaari kang maging kwalipikado sa forbearance, na pansamantalang inihinto o binabawasan ang inyong buwan-buwang bayad sa inyong mortgage. Hindi awtomatikong tinataglay ang forbearance, at kailangang kontakin ang inyong mortgage servicer. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa cfpb.gov/govpause.

Tungkol sa amin

Ang Consumer Financial Protection Bureau (CFPB) ay isang modernong ahensiya na tumutulong sa maayos na takbo ng kalakaran ng pinansiyang pang-mamimili sa pagtupad ng mga epektibong panuntunan na nagpapalakas ng kanilang kakayahang pangkabuhayan.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa consumerfinance.gov.

Ang layunin ng U.S. Department of the Treasury ay ang pagsusustento ng malakas na ekonomiya at ang paglikha ng mga oportunidad na pangkabuhayan sa pamamagitan ng pagtaguyod ng paglago ng ekonomiya at estabilidad sa lokal at sa ibayo, pagpapalakas ng nasyonal na seguridad sa pamamagitan ng paglaban sa mga banta at pagprotekta ng integridad ng sistemang pinansyal, at epektibong pamamahala ng pinansya at kayamanan ng gobyernong U.S.